# Mga Sentro ng Krisis sa Pagbubuntis

## Paano Kikilalanin at ilwasan ang mga Sentro Laban sa Aborsyon

**Ano ang mga Sentro ng Krisis sa Pagbubuntis [Crisis Pregnancy Center (CPCs)]?**

- Ang mga CPC ay tila mga klinika para sa mga buntis na nag-aanunsyo ng mga kumpletong mga serbisyong reproduktibo. Gayunpaman, ang mga CPC ay HINDI nagkakaloob ng pagpapayo sa pagpapalaglag, pamamaraan, o tabletas.
- Ang layunin ng maraming CPC ay upang hikayatin ang mga buntis na iwasan ang pagpapalaglag.
- Maraming CPC ang sadyang matatagpuan malapit sa mga klinika ng pagpapalaglag. Layunin ng kanilang mga patalastas at website ay para lituhin ang mga tao na maaaring ikinokonsidera ang pagpapalaglag.

**Mag-ingat sa mga babalang ito kapag naghahanap ng mga serbisyo para sa pagpapalaglag online:**

**"Konsultasyon sa Pagdedesisyon ng Pagbubuntis"**
Karaniwang inaanunsyo ng mga CPCs ang libreng pagsusuri sa pagbubuntis - kung ang pasyente ay positibo sa pagbubunties, layunin ng kawani ng CPC na kumbinsihin ang mga pasyente na ituloy ang pagbubuntis at ang magsilang.

**"Libreng Limitadong Ultrasound"**
Ang ilang mga lugar ay nagbibigay ng libreng mga ultrasounds, na kadalasang isinasagawa ng hindi sanay na kawani, at pangunahing ginagamit hindi para bigyan ng impormasyon ang mga pasyente kundi para manipulahin sila laban sa pagsasaalang-alang ng pagpapalaglag.

**"Pagpapayo Pagkatapos ng Pagpapalaglag"**
Inaakala ng mga CPCs na ang pagpapalaglag ay isang negatibong karanasan at ang mga nagkaroon na ng mga ito ay nangangailangan ng pagpapayo. Sa katotohanan, ang karamihan sa mga tao ay nakakaramdam ng ginhawa pagkatapos ng pagpapalaglag.

**"Pagbabalik ng Epekto ng Tabletas ng Pagpapalaglag (Abortion Pill Reversal)"**
Ang mga CPCs ay nag-aanunsyo ng mga serbisyong "nagbabalik sa dating epekto (reversal)" ng pagpapalaglag. Ang protokol na ito ay HINDI sinusuportahan ng agham at maaaring makasama sa kalusugan.

March 2024 (Tagalog/Filipino)


Abortion Safe Haven Project

County of Los Angeles Public Health

# Alamin ang Babalang Naghuhudyat (Red Flags)




**"Hindi kami nagsasagawa o nagrerekomenda para sa aborsyon."**
Bagamat nakalista ang aborsyon bilang isang iniaalok na serbisyo, ang CPC na ito ay hindi talaga gumagawa ng aborsyon, ngunit sa halip ay layunin nito na kumbinsihin ang isang indibidwal na hindi ito gawin.




Ang mga klinika na nag-aanunsyo ng **"Tabletas para Maipanumbalik ang Aborsyon (Abortion Pill Reversal)"** ay malamang na mga CPC. Ang pamamaraang ito ay HINDI suportado ng agham. Ang salita tulad ng "pagsisisi" at "pagdadalamhati" tungkol sa aborsyon ay maaari ring maging isang babalang naghuhudyat.



ABORTION SAFE HAVEN PROJECT

COUNTY OF LOS ANGELES Public Health

# Mga Mapagkukunan ng Impormasyon (Resources)

May Karapatan ang lahat ng tao na magkaroon ng akses sa pangangalagang pangkalusugan na walang dungis sa karangalan, panliligalig, at kahihiyan. Ang mga pasyente ay may karapatan sa makatotohanang edukasyon at pangangalaga na nakasentro sa kliyente na sinasakop ang kumpletong mga pagpipilian sa pagbubuntis.

**Para sa tumpak na impormasyon sa pagpapalaglag at upang makahanap ng isang lehitimong klinika sa pangangalagang pangkalusugan sa pagbubuntis, bisitahin ang:**

- Mapagkukunang Gabay sa Ligtas na Kanlungan ng Pagpapalaglag sa LA County (Abortion Safe Haven Resource Guide): http://publichealth.lacounty.gov/owh/Abortion/MultilingualResources.htm

**Iulat ang CPC**

Ang estado ng California ay nag-aalala tungkol sa limitado at potensyal na mapanlinlang na katangian ng mga serbisyo na ibinibigay ng mga sentro ng krisis sa pagbubuntis. Hinihimok ni Attorney General Bonta ang mga taga-California na naghahanap ng mga serbisyong pangkalusugan sa pagbubuntis na gumawa muna ng pananaliksik bago pumunta sa isang klinika upang malaman ang kanilang mga pagpipilian sa pagpapalaglag.

**Kung bumisita ka sa isang CPC at naniniwala kang ikaw ay biktima o target ng mapanlinlang, nakapanliligaw, hindi makatarungan, o labag sa batas na pag uugali, mangyaring agad na magsumite ng reklamo sa: https://oag.ca.gov/crisis-pregnancy-center-complaint.**


1. Designed to Deceive CPC Study. Genderjustice.us. Accessed October 12, 2023. https://www.genderjustice.us/work/designed-to-deceive-cpc-study/.
2. Kendall. Plannedparenthood.org. Accessed October 12, 2023. https://www.plannedparenthood.org/blog/what-are-crisis-pregnancy-centers.
3. The CPC Industry as a Surveillance Tool of the Post-Roe State. Genderjustice.us. Accessed October 12, 2023. https://www.genderjustice.us/wp-content/uploads/2022/02/Alliance_CPC_Report_Feb2022_UrgentBrief2-10-22.pdf.
4. Attorney General Bonta Issues Consumer Alert Warning Californians That Crisis Pregnancy Centers Do Not Offer Abortion or Comprehensive Reproductive Care. Oag.ca.gov. Accessed October 12, 2023. https://oag.ca.gov/news/press-releases/attorney-general-bonta-issues-consumer-alert-warning-californians-crisis.
5. Facts Are Important: Medication Abortion "Reversal" Is Not Supported by Science. acog.org. Accessed 10/11/2023. https://www.acog.org/advocacy/facts-are-important/medication-abortion-reversal-is-not-supported-by-science.